Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-70 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-28 NG NOBYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 372-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD, AT NG BUMUBUO NG SANGGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NI KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KAY G. JOHN JOSHUA P. CUDIA, SA KANIYANG PAGKAKAHIRANG BILANG "GINTONG KABATAAN SA LARANGAN NG PAGLILINGKOD SA PAMAYANAN (INDIBIDWAL)" SA GINANAP NA GINTONG KABATAAN AWARDS 2023 NOONG NOBYEMBRE 24, 2023.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Seksyon 13 ng 1987 Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas na kinikilala ng Estado ang napakahalagang tungkulin ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa, gayundin ay dapat na itaguyod at pangalagaan ang kanilang kagalingang pisikal, moral, ispirituwal, intelektuwal at sosyal;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapahayag ng mataas na pagkilala sa kakayahan ng mga kabataan pati na rin sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa pamayanan;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos na ang mga kabataan ay may kakayahang kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago sa lipunan na magbubunga ng kabutihan sa ekonomiya na siyang pakikinabangan ng kasalukuyan at ng mga henerasyon pang darating;

**SAPAGKAT,** noong ika-24 ng Nobyembre, 2023 ay ginanap ang Gintong Kabataan Awards sa Hiyas ng Bulacan Convention Center kung saan nagwagi at hinirang si G. John Joshua P. Cudia, mula sa Barangay Mojon, bilang Gintong Kabataan sa Larangan ng Paglilingkod sa Pamayanan (Indibidwal);

**SAPAGKAT,** ang Gintong Kabataan Awards ay programa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng Panlalawigang Tanggapan ng Kabataan, Isports at Public Employment Service Office (PYSPESO) na naglalayon na bigyang parangal ang mga natatanging kabataang Bulakenyo na nagpamalas ng angking "K" – Kahusayan at Kakayahan sa iba't ibang larangan;

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** kinakailangan ng tiyaga, dedikasyon at angking husay upang kilalanin at magtagumpay sa larangan ng pagseserbisyong-madla dahil dito naipamamalas ang tatak ng isang maabilidad at huwarang lingkod-bayan;

**SAPAGKAT,** si G. John Joshua P. Cudia ay magsisilbing inspirasyon sa mga kapwa Malolenyo at lingkod-bayan na magsikap at magbigay karangalan sa bayan;

**SAPAGKAT,** isa sa layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang pagtataguyod ng pag-unlad o' kalinangan sa larangang kinabibilangan, pagtulong sa ikauunlad at paghikayat na umasa sa sariling siyentipiko at teknolohikal na kakayanan ang bawat mamamayan, kung kaya't nararapat lamang na mabigyan ng pagkilala ang katangi-tanging kontribusyon na ibinahagi ni G. John Joshua P. Cudia;

**KUNG KAYA'T IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na nagpapahayag ng taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod – Abgdo. Christian D. Natividad at ng bumubuo ng Sangggguniang Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Miguel Alberto T. Bautista kay G. John Joshua P. Cudia, sa kaniyang pagkakahirang bilang "Gintong Kabataan sa Larangan ng Paglilingkod sa Pamayanan (Indibidwal)" sa ginanap na Gintong Kabataan Awards 2023 noong Nobyembre 24, 2023.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. RIAN MACLYN L. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11282023